


# Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 4:  
Katangiang Pisikal na  
Nagpapakilala ng Iba't Ibang  
Lalawigan sa Rehiyon



**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 4: Katangiang Pisikal na Nagpapakilala ng Iba't ibang**  
**Lalawigan sa Rehiyon**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brandname, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jean M. Salomon, Gina L. Ticong	
<b>Editor:</b>	Mailen D. Cabillan, Anita S. Tampos, Hannie P. Zamora	
<b>Tagasuri:</b>	Jesyl F. Avanceña, Edgardo D. Pamugas III, Rosemarie T. Realino, Guillesar P. Villarente, Jean Christi B. Rivera, Jeneth D. Tabungar	
<b>Tagaguhit:</b>	Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan	
<b>Tagalapat:</b>	Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores	
<b>Tagapamahala:</b>	Allan G. Farnazo Mary Jeanne B. Aldeguer Analiza C. Almazan Danilo R. Dohinog Ma. Cielo D. Estrada	Nelson C. Lopez Cheerylyn A. Cometa Christopher P. Felipe Leonora Liza D. Dacillo Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – RegionXI**

Office Address: F. Torres St., Davao City  
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147  
E-mail Address: region11@deped.gov.ph \* lrms.regionxi@deped.gov.ph

# Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 4:  
Katangiang Pisikal na  
Nagpapakilala ng Iba't Ibang  
Lalawigan sa Rehiyon

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa upang makilala ang sariling lalawigan upang maipakita ang pagpapahalaga nito. Mahalaga sa atin ito sapagkat dito tayo nabibilang at nakatira kasama ang ating pamilya at mga kaibigan. Nararapat na alamin natin kung ano ang natatangi sa lipunang ating ginagalawan maging sa karatig-pook nito upang lubos na maipakilala ito sa ibang tao. Halika at pag-aralan natin ang magagandang lugar sa ating lalawigan, ang mga anyong pisikal na makikita rito kasama ang mga tanyag na lugar na nagpapakilala sa pagiging katangi-tangi nito sa ibang lugar ng rehiyon.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Nasusuri ang iba't ibang lalawigan sa rehiyon ayon sa mga katangiang pisikal at pagkakakilanlang heograpikal nito gamit ang mapang topograpiya ng rehiyon(**AP3LAR-Ie-7**);
2. natutukoy ang mga kahalagahan ng mga anyong lupa o anyong tubig na nagpapakilala sa lalawigan at rehiyon;
3. naihahambing ang katangiang pisikal ng iba't ibang lalawigan sa rehiyon; at
4. naipakikita ang pagpapahalaga sa mga katangiang pisikal na nagpapakilala ng lalawigan at rehiyon.



## Subukin

Halina't tayo'y maglakbay. Alam mo ba ang mga natatanging lugar sa iyong lalawigan at mga karatig nito? Isulat ang lalawigan na kinaroroonan ng mga nasa larawan sa sagutang papel.




Photo Credits to: GD PONTILLAS

1. Davao Pearl Farm Resort



Photo Credits to: Villa Salanio

2. Aliwagwag Falls



Photo Credits to: Ruth G. Conat

3. Passig Islet




Photo Credits to: Ed Florence Jun T. Quiatchon

4. Tagbibinta Falls



Photo Credits to: Ingrid Sarmiento


5. Colagsing Haven Beach Resort

## Aralin

# 1

## Katangiang Pisikal na Nagpapakilala sa Iba't Ibang Lalawigan ng Rehiyon

Ang ating rehiyon ay biniyayaan ng maraming magagandang anyong lupa at anyong tubig. Marami tayong makukuhang yaman mula sa iba't ibang anyong lupa at anyong tubig na binigay ng ating Panginoong Diyos para sa ating kabuhayan at sa darating na bagong henerasyon. Kaya dapat natin itong ingatan at pagyamanin para sa ikabubuhay at kabutihan ng lahat.



### *Balikan*

Panuto: Sagutin ang mga tanong batay sa inyong natutuhan at natatandaan sa nakaraang leksiyon.

1. Ano ang tawag sa kabuoang bilang ng mga naninirahan sa isang lugar o pook?
2. Ano-ano ang relihiyon sa Davao Region maliban sa Katoliko Romano?
3. Anong lalawigan sa Davao ang may mataas na bilang ng populasyon noong 2015?
4. Bakit mas mataas ang populasyon sa lungsod kaysa sa mga karatig lugar nito? Ano ang katangian ng lungsod na humihikayat sa mga tao upang manirahan dito?
5. Kung ikaw ang papipiliin, saan mo gustong tumira at bakit?





### *Mga Tala para sa Guro*

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.



### *Tuklasin*

Ang Davao Region ay binubuo ng limang lalawigan. Ang mga ito ay ang lalawigan ng Davao de Oro, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Occidental at Davao Oriental.

Ang Davao Region ay matatagpuan sa Timog-Silangan ng Mindanao. Ito ay biniyayaan ng magandang katangiang pisikal tulad ng anyong tubig at lupa. Tulad din ng ibang rehiyon, ang Davao Region ay binubuo ng malawak na kapatagan, kabundukan, burol, lambak, dagat, ilog, talon at iba pa.

Sa lalawigan ng Davao de Oro matatagpuan ang **Summer Capital** ng Davao Region, ang munisipalidad ng Maragusan. At dito din makikita ang **Malumagpak Falls, Maco Mainit Falls, Tagbibinta Falls** at **Awao Falls**. Sa Lalawigan naman ng Davao del Norte matatagpuan ang **Vanishing Island**. Dito din makikita



ang **Davao Pearl Farm Resort** sa pulo ng Samal. Ito ay kilalang-kilala bilang bakasyonanan ng mga turista dahil sa mapuputing buhangin nito.

Sa lalawigan ng Davao del Sur, dito matatagpuan ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas, ang Mt. Apo at ang Passig Islet. Sa Lalawigan ng Davao Occidental naman matatagpuan ang **Balut Island** na mayaman sa mga **coral reef formations** at mga maiinit na bukal. Sa Sta. Maria, Davao Occidental naman makikita ang dagat ng **Little Boracayat** ang **Colagsing Haven Beach Resort** na may mapuputi at mapipinong buhangin. Samantala, sa lalawigan ng Davao Oriental naman matatagpuan ang **Pujada Island** at **Sleeping Dinosaur Island**. Dito din makikita ang baybayin ng **Dahican** na naging tanyag sa “**Skimboarding**” na dinarayo rin ng mga turista, **Aliwagwag Falls** at **Campawan Curtain Falls**.



## *Surin*

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

- Ano-ano ang anyong lupa at anyong tubig ang matatagpuan sa Davao Region?
- Paano naging tanyag ang Mt. Apo?
- Bakit naging tanyag ang Davao Pearl Farm Resort?
- Bakit dinarayo ang Baybayin ng Dahican sa Davao Oriental?
- Anong lugar sa Davao Occidental ang mayaman sa **coral reef formation**?



## *Pagyamanin*

### Gawain A

Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Saan matatagpuan ang Colagsing Haven Beach Resort?
  - A. Davao de Oro
  - B. Davao del Sur
  - C. Davao del Norte
  - D. Davao Occidental
2. Alin sa sumusunod ang nasasakupan ng Davao del Norte?
  - A. Mt. Apo at Passig Islet
  - B. Dahican Beach at Pujada Island
  - C. Samal Island at Vanishing Island
  - D. Maco Mainit Falls at Tagbibinta Falls
3. Ano-anong anyong lupa ang matatagpuan sa Davao del Sur?
  - A. Mt. Apo at Passig Islet
  - B. Samal Island at Vanishing Island
  - C. Sleeping Dinosaur at Pujada Island
  - D. Mt. Apo at Little Boracay Beach

### Gawain B

Isulat ang **Tama** kapag ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan at palitan ang salitang nakasalungguhit kapag ang pahayag nito ay mali upang maging tama.

1. Ang malaking bahagi ng lalawigan ng Davao de Oro ay bulubundukin.
2. Nakakatulong sa mga taga-Davao del Sur ang natatanging anyong lupa na Mt. Hamiguitan laban sa bagyo.
3. Sa lalawigan ng Davao del Sur makikita ang kagubatan na ginagawang Natural Park upang tirahan ng mga hayop.

4. Napaunlad ang turismo sa Davao de Oro dahil sa natatanging katangian ng Aliwagwag Falls.
5. Ang pulo ng Samal na kinaroroonan ng Davao Pearl Farm Resort ay bahagi ng lalawigan ng Davao Oriental.



### *Isaisip*

Ano-ano ang tanyag na anyong tubig at anyong lupa sa inyong rehiyon?

Paano naging tanyag ang lalawigan ng Davao del Sur? Davao Oriental?



### *Isagawa*

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

- Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga anyong lupa at anyong tubig sa inyong lalawigan?
- Anong mangyayari kung papahalagahan natin ang ating mga anyong lupa at anyong tubig?
- Ano naman ang mangyayari kapag tayo ay nagpabaya sa mga ito?



## *Tayahin*

Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Kung ang Davao de Oro ay mayroong Maco Mainit Sulfuric Hot Spring, Anong anyong tubig naman sa Davao Oriental?
  - A. Passig Islet
  - B. Dahican Beach
  - C. Maco Mainit Falls
  - D. Malumagpak Falls
2. Ano-anong pangunahing hanapbuhay ang makikita sa Davao Oriental at Davao del Norte ayon sa katangiang pisikal nito?
  - A. pangingsda at pagtuturo
  - B. pangingsda at pagsasaka
  - C. pagsasaka at pangangalakal
  - D. pangangalakal at pangangaso
3. Sa paanong paraan magkatulad ang katangiang pisikal ng Davao Oriental at Davao Occidental?
  - A. magkatulad ang mga anyong lupa dito
  - B. parehong may magkatulad na bundok
  - C. magkalapit ang dalawang lalawigan sa lungsod ng Davao
  - D. mayroong mga natatanging baybayin at dagat na dinarayo ng mga turista
4. Bakit dinarayo ng mga turista ang lugar ng Samal?
  - A. Malalaki ang mga gusali rito.
  - B. Magaganda ang mga tanawin dito.
  - C. Magaganda ang pakikitungo ng mga tao.
  - D. Marami ang magagandang dalampasigan.

5. Paano mo mapanatili ang katangian ng iba't ibang anyong tubig sa lalawigan ng Davao de Oro?
- A. ipagdasal ang kalusugan ng mga tao
  - B. ipaalam ang mga plano sa kinauukulan
  - C. ibahagi ang kaalaman sa ibang mag-aaral
  - D. ipagpatuloy ang pagtatanim ng mga puno



## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng isang anyong tubig at isang anyong lupa ng iyong kinabilangang lugar o lalawigan sa malinis na papel. Ilarawan ang natatanging katangiang pisikal nito sa ibang mga lugar.



## *Susi sa Pagwawasto*

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Davao del Norte</li><li>2. Davao Oriental</li><li>3. Davao del Sur</li><li>4. Davao de Oro</li><li>5. Davao Occidental</li></ol>	<p>Pagyanmanin</p> <p>Gawain A</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. D</li><li>2. C</li><li>3. A</li></ol> <p>Gawain B</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. Tama</li><li>2. Bundok Apo</li><li>3. Tama</li><li>4. Davao Oriental</li><li>5. Davao del Norte</li></ol>	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. B</li><li>2. B</li><li>3. A</li><li>4. D</li><li>5. C</li></ol>
--	--	---

## *Sanggunian*

Manalo, Thea Joy G., Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, and Rodel C. Sampang, *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*. Pasig City Philippines: Book Media Press, Inc. 2015, 57 – 63.

Manalo, Thea Joy G., Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, and Rodel C. Sampang, *Araling Panlipunan 3 Gabay ng Guro*. Pasig City Philippines: Book Media Press, Inc. 2015, 27 - 31.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)